# Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān hanggang sa bawiin siya ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Pagkatapos ay nagsagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya matapos niya.

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān hanggang sa bawiin siya ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Pagkatapos ay nagsagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya matapos niya." Sa isang pananalita: "Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa bawat Ramaḍān. Kapag nakapagdasal siya ng dasal sa madaling-araw, pumupunta siya sa lugar na nagsasagawa siya ng i`tikāf roon.

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid ni `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān sa paghahangad na matapatan ang Laylatulqadr matapos na malaman niya na ito ay nasa huling sampung gabi. Nanatili siyang gayon hanggang sa bawiin siya ni Allāh, pagkataas-taas Niya. Nagpahiwatig si `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya, na ang kahatulan ay hindi pinawalang-bisa at hindi natatangi sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sapagkat nagsagawa nga ng i`tikāf ang mga mabahay niya matapos niya, malugod si Allāh sa kanilang lahat. Sa ikalawang pananalita, nililinaw ni `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kapag nakapagdasal siya noon ng dasal sa madaling-araw, pumapasok siya sa pinagsasagawaan niya ng i`tikāf upang magtalaga ng sarili sa pagsamba sa Panginoon niya at manawagan sa Kanya. Hindi mangyayari iyon malibang sa pamamagitan ng paglagot ng mga ugnayan sa mga nilalang. Taysīr Al-`Allām pahina 351, Tanbīh Al-Afhām tomo 3/476, at Ta’sīs Al-Aḥkām 3/296.